



MUSEUM OF ART

The Okamoto Taro Museum of Art

NO . 148



[This is Japan! Photography: Taro Okamoto vs Masatoshi Naito]

ay matutunghayan magmula sa ika-21 ng Hulyo hanggang ika-3 ng Oktubre.

Sa loob ng 9 na taon (1957-1966), si ginoong Okamoto Taro ay naglaan ng panahong kunan ng larawan ang bawat lugar ng Japan mula Aomori hanggang Okinawa.

Nang mapagmasdan naman ni Masatoshi Naito ang mga ito, ay nakaramdam siya ng kakaibang folk custom na nagbigay ng interes na iimprenta ang mga larawang ito sa kanyang sariling kamay. Ito ay mapapabilang na isa sa mga ginawang theory na nauukol kay Okamoto. Ang Eksibisyong ito ay binubuo ng mga pinili ni Naito mula sa negatibong larawang kuha ni Okamoto. Ang admission fee ay ¥700, para sa hayskul at kolehiyo ay ¥500 at libre naman para sa mga elementarya at may 65 taong gulang. Bukas mula 9:30 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon, maaaring makapasok hanggang 4:30 ng hapon . Ang Okamoto Museum of Art ay matatagpuan sa Ikuta Ryokuchi sumakay ng Odakyu line at nilalakad ng may 17 minuto pagbaba mula sa istasyon ng Mukogaoka Yuen.

Malapit din dito ang Youth Science Museum, may Planetarium dito na ginawa ng mamayan ng Tama ward na si Ginoong Oohira. Ito ay pinamagatang Megastar- kung saan mapapanood ang halos 400 milyong tala (konstelasyon) . Sa bandang itaas naman ng Okamoto Museum of Art ay mararanasan din ang pagtina ng kulay [Indigo] sa Traditional Industrial Arts. Subukan din nating pasyalan ito.

No.149

Seguro ng Volunteers

Para sa mga naglilingkod bilang boluntaryo sa Kawasaki, narito na ang pinakahihintay na insyurans [Shimin Katsudou Hoken]Kabilang dito ang mga manggagawa, mag-aaral na naninirahan sa loob ng Kawasaki at miyembro ng mga partidos, grupo, organisasyon at asosasyon na may malakas na pundasyon.

Ang segurong ito ay mapapakinabangan sa pamamagitan ng pagtawag sa kinabibilangang grupo o organisasyon sa oras ng pagka-aksidente.

Ang pagpapalista o pagiging miyembro nito ay hindi na kinakailangan pang isagawang muli sapagkat ito ay sagutin ng organisasyon kung saan kasali ang isang boluntaryo.

Mga kasaling boluntaryong gawain (coverage) ay ang mga: boluntaryo at patuloy na naglilingkod ng walang bayad na manggagawa , maaring indibidwal o grupo na may planadong gawaing pampubliko.

Halimbawa rito ang disaster prevention activities, paglilinis sa kapaligiran, landscaping, pagtuturo ng sports aktibidades, pagtuturo ng kultura, brigada ng mamayan at iba pa. Kabilang sa segurong ito ang pagbayad sa mga apektadong bagay habang isinasagawa ang boluntaryong gawain tulad ng buhay, katawan, ari-arian ng mismong tao o pangatlong partido. Kapag humingi ng kabayaran ang na-agrabyadong partidos para sa abala, lpagkakaloob ang [songgai baishou]o "damage fee".



Isa pang halimbawa rito ay tungkol sa [hiking] ng mga bata kung saan ay nagsagawa, naligaw o nagkamali ng daan at ang mga sumali nito ay nagtamo ng sugat atbp. O di kaya, habang isinasagawa ang boluntaryong paglilinis ay ang miyembro ay nasagasaan at namatay. At maari ding habang ang isang boluntaryo ay nasa sasakyan ng hatid-sundo at nagkataong na-bangga, na-aksidente at nasugatan, o namatay ito ay sagutin din ng seguro.

Para sa mga kaganapang tulad nito, mangyari po lamang na tumawag sa [Kawasaki Citizen's Activity Center] 044-430-5566. Maaaring mapakiusapang magsumite ng kakai langaning mga papeles. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa segurong ito, makipag-ugnayan sa Kawasaki Citizen's Activity Center 430-5566.



Fireworks Exhibition



Gaganapin din ngayong taon ang Tamagawa

Fireworks Exhibition (Hanabi Taikai).

Mapapanood sa malawak na kalangitan ang kagandahan ng Hanabi sa

Istilong Panorama. Ito ay gaganapin sa ika-21 ng Agosto (Sabado) sa oras ng 6:30 ay mag-uumpisa ang seremonya samantalang ika-7:00 naman mag-uumpisa ang putukan ng fireworks.

Ang lugar ay matatagpuan sa pagitan ng Daisan keihin Road at Futago bridge (bashi). Pinakamalapit na istasyon ng tren ay ang Futako Shinchi Den-entoshi Line ngunit taun-taon ay naglilikha ito ng trapik kaya hangga't maaari ay gamitin din ang Musashi Mizonokuchi ng Nambu line o ang istasyon ng Mizonokuchi at Takatsu ng Tokyu Den-entoshi line. Walang nakalaang paradahan ng bisekleta, motorsiklo at mga sasakyan, at ang pagtawid sa tulay ng Futago habang nasa sasakyan para manood ay mahigpit na ipinagba-bawal upang maiwasan ang aksidente. Kapag masama ang panahon, gaganapin ito sa susunod na araw (Agosto 22)



Dream Concert



Ang Saiwai Dream concert ay gaganapin sa Saiwai ward

office ng ika-19 ng Agosto (Huwebes) 12:10 hanggang 12:45 ng tanghali.

Magtatanghal ng Piyano si Ms. Izumi Yurino. Siya ang nagwagi ng [Youngest performer Award] sa ginanap na 2002 Porto City International Music Contest sa Portugal kung saan kasali rin ang America, Australia, Hungary at iba pa sa konsiyerto. Nag-perform din ito kasabay ng Tokyo Philharmonic Orchestra.

Ang pagtatanghal ay gaganapin sa Saiwai ward office 1F ito ay walang bayad at reserbasyon.



Issued by The Kawasaki International Association

**237-1 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/**